Australian Government

BE COVIDSAFE

# Ang mga iniinom na gamot laban sa COVID-19

Mayo 2023

## Ano ang mga iniinom na gamot laban sa COVID-19?

Ang mga iniinom na gamot sa COVID-19 ay mga gamot na padadaanin sa bibig na mga tableta o kapsula para sa mga taong nasuring positibo sa COVID-19. Ang kalamangan ng mga gamot na ito ay ang kakayahan ng maraming tao na makakuha ng gamot laban sa COVID-19 sa kanilang sariling mga bahay nang walang pangangailangan na maglakbay sa ospital upang magamot bilang isang pasyente.

## Paano at kailan dapat kunin ang mga iniinom na gamot?

Ang mga gamot ay iniinom bilang mga tableta o kapsula tuwing 12 oras sa loob ng 5 araw. Dapat mong umpisahang inumin ang mga ito sa loob ng 5 araw mula sa paglitaw ng mga sintomas o sa lalong madaling panahon pagkatapos nasuri na positibo sa COVID-19.

## Sino ang nababagay sa mga iniinom na gamot?

**Mga taong nasa edad 18 taon at mas matanda**

Kung nasuri kang positibo sa COVID-19 at may 18 taong gulang o mas matanda, maaari kang maging nababagay para sa mga iniinom na gamot kung ikaw:

- ay katamtaman o matinding immunocompromised (nakalista sa ibaba), o
- ay na-ospital na mula sa sakit na COVID-19 at ikaw ay nahawahan muli.

Kabilang sa mga katamtaman o matinding immunocompromised na kundisyon ang:

- kanser sa dugo o ilang mga sakit sa pulang selyula ng dugo (thalassemia, sickle cell disease)
- nakatanggap ng transplant
- primary o nahawang (HIV) immunodeficiency
- chemotherapy o buong katawang radiotherapy sa nakalipas na 3 buwan

- high dose corticosteroids o pulse corticosteroid na pagpapagamot sa nakalipas na 3 buwan
- immunosuppressive na mga pagpapagamot sa nakalipas na 3 buwan
- rituximab sa nakalipas na 12 buwan
- cerebral palsy o down syndrome
- congenital heart disease
- nabubuhay na may kapansanan na may complex conditions at/o kahinaan.

**Mga matatandang tao at mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander**

Kung ikaw ay isang matandang tao o isang Aborihinal at Torres Strait Islander, at nasuring positibo sa COVID-19, maaari kang nababagay para sa mga iniinom na gamot kung ikaw ay:

- 70 taong gulang o mas matanda, anuman ang mga kadahilanan ng panganib (risk factors), at mayroon o wala mang mga sintomas
- 50 taong gulang o mas matanda na may karagdagang kadahilanan ng panganib (nakalista sa ibaba)
- taong Aborihinal o Torres Strait Islander, 30 taong gulang o mas matanda at mayroong **1** kadahilanan ng panganib (nakalista sa ibaba).

<u>Mga kadahilanan ng panganib (risk factors)</u>:

- naninirahan sa tirahan sa pangangalaga ng matatanda
- may kapansanan na may iba't-ibang kondisyon at/o kahinaan (ngunit hindi limitado sa paninirahan sa suportadong tirahan)
- mga kundisyong neurological kagaya ng stroke o dimensya at mga demyelinating na kundisyon, hal. multiple sclerosis, Guillain-Barre Syndrome
- mga nagpapatuloy na malalang kundisyon sa paghinga kabilang ang chronic obstructive pulmonary disease (COPD), katamtaman o malalang hika
- labis na katabaan o diabetis (type I o II na nangangailangan ng gamot)
- pagpalya ng puso, coronary artery disease, cardiomyopathies
- pagpalya ng bato o sirosis
- nakatira sa liblib na lugar na nababawasan ang pagkakaroon ng mas mataas na antas ng pangangalaga ng kalusugan.

Ang mga gamot na ito ay hindi nababagay para sa lahat, kaya makipag-usap sa iyong doktor upang suriin ang iyong eligibilidad.

## Paano at saan ako makakakuha ng mga iniinom na gamot?

Kailangan mo ng isang reseta upang makakuha ng mga iniinom na gamot laban sa COVID-19. Maaari mong makuha ang mga ito mula sa mga botika sa pamamagitan ng isang reseta.

## May subsidiya ba ang mga iniinom na gamot?

Ang mga taong nababagay ay maaaring makakuha ng may subsidiyang iniinom na gamot sa pamamagitan ng Pharmaceutical Benefits Scheme (PBS) gamit ang isang reseta mula sa isang awtorisadong tagabigay ng reseta, na kagaya ng isang doktor.

Ang mga taong nasuri na positibo sa COVID-19 ngunit WALANG Medicare card ay maaaring makipag-ugnay sa isang GP respiratory clinic para sa payo tungkol sa mga opsyon ng pagpapagamot.

## Sino ang hindi dapat kumuha ng mga iniinom na gamot?

Ang mga iniinom na paggamot ay hindi inirerekumenda na gamitin ng mga buntis at nagpapasoso – kaya lalong mahalaga na magpabakuna ang mga buntis at nagpapasoso laban sa COVID-19.

May mga paggagamot na hindi ligtas na gamitin na kasama ng ibang mga gamot at hindi dapat gamitin sa mga taong may malalang sakit sa bato o atay.

## Ang mga iniinom na gamot at kakayahang magkaanak

Kung niresetahan ka ng isang iniinom na gamot laban sa COVID-19, dapat kang may karagdagang pag-iingat sa paggamit ng kontraseptibo dahil ang gamot ay maaaring makakaapekto sa paggana ng iyong birth control. Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa mga iba't-ibang mga kontraseptibo at kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

## Pagbabakuna at mga iniinom na gamot

Ang mga gamot na ito ay hindi sinadya bilang kapalit ng pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang pagbabakuna ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ka, ang iyong mga minamahal, at ang malawak na komunidad mula sa COVID-19.

## Pag-aproba

Lahat ng mga gamot sa Australya ay kailangang maaprobahan na maaaring gamitin ng Therapeutic Goods Administration (TGA). Ang TGA ay mga siyentista at dalubhasa sa gamot na namamahala at nag-aaproba sa lahat ng mga bakuna, gamot, at iba pang mga produktong gamit na gagamitin sa Australya.

Ang TGA ay may mga mahigpit na pamantayan sa pagpapahintulot ng mga gamot na gagamitin sa Australya. Sila ay nag-aaproba lamang sa mga gamot na ligtas at mabisa. Kasama rito ang mga iniinom na gamot sa COVID-19.

## Karagdagang impormasyon

Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19 at suporta sa iyong wika, tumawag sa National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080 at piliin ang opsyon 8 para sa libreng tulong ng interpreter.